

# Ang Mga Bakuna para sa COVID-19 ay Ligtas at Mabisa

Malinaw ang Siyensiya: Ang Mga Benepisyo ng Pagpapabakuna ay Mas Marami Kaysa sa Mga Panganib



## Sino ang maaaring mabakunahan?

Lahat ng tao, na nasa edad na 12 at pataas, ay maaaring magpapabakuna ng bakuna para sa COVID-19. Ang bakuna ng Pfizer ay inaprubahan para sa mga tao na nasa edad na 12 at pataas, at ang mga bakuna ng Johnson & Johnson (J&J) at Moderna ay binigyan ng pahintulot para sa mga tao na nasa edad na 18 at pataas. Ang lahat ng bakuna ay libre.

## Mabisa ba ang mga bakuna para sa COVID-19?

Oo! Ayon sa kasalukuyang datos, ang mga bakuna ng Pfizer, Moderna, at J&J ay lubhang mabisa sa pag-iwas sa malubhang sakit, pagkakaospital, at pagkamatay mula sa COVID-19. Para makuha ang kumpletong benepisyo mula sa bakuna, mahalagang makuha ang parehong dosis ng Pfizer o Moderna. Ang mga taong katamtaman o lubhang mahina ang resistensiya (immunocompromised) ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor upang malaman kung kailangan nila ng pangatlong dosis. Ang bakuna ng J&J ay kailangan lang ng isang dosis.

## Kailangan ko bang magpapabakuna kahit na may mga kumakalat na variant tulad ng Delta variant?

Oo! Ang mga bakuna ng Pfizer, Moderna at J&J ay mabisa laban sa Delta variant, iniwasan ang malubhang sakit, pagkakaospital, at pagkamatay mula sa COVID-19. Nililimitahan din ng pagpapabakuna ang mga pagkakataong lumitaw ang mas maraming variant.

## Ligtas ba ang mga bakuna para sa COVID-19?

Oo! Binigyan ng Food and Drug Administration (FDA) ng ganap na pag-apruba ang bakuna ng Pfizer para sa mga tao na nasa edad na 16 at pataas noong Agosto 2021. Pinahintulatang gamitin din ang Pfizer sa kabataan na nasa edad na 12 hanggang 15 taong gulang. Ang mga bakuna ng J&J at Moderna ay mayroong pahintulot para gamitin sa emergency (emergency-use authorization, EUA) mula sa FDA para sa mga tao na nasa edad na 18 at pataas. Ang mga pahintulot na ito ay resulta ng malalaking klinikal na pagsubok (clinical trials) na may kasamang malawak na iba't ibang uri ng kalahok.

## Paanong nabuo nang napakabilis ang bakuna?

Bagaman ang virus na nagdudulot ng COVID-19 (SARS-CoV-2) ay nakita lang noong Disyembre 2019, mula pa 2006 bumubuo na ang mga scientist sa buong mundo ng mga bakuna para sa mga mahigpit na magkakaugnay na virus. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Pagbuo ng Bakuna para sa Coronavirus \(Coronavirus Vaccine Development\)](#).

## Ano ang mga posibleng hindi magandang epekto (side effects) ng mga bakuna para sa COVID-19?

Ang ilang tao ay nakaranas ng mga hindi magandang epekto, tulad ng pansamantalang pananakit o pamamaga sa braso kung saan sila binakunahan, lagnat, giniginaw, pagkapagod, at/o sakit ng ulo.

Normal at inaasahan ang mga hindi magandang epektong ito para sa anumang bakuna habang bumubuo ang katawan ng mga selula para lumaban sa COVID-19.

## Ang mga malubhang hindi magandang pangyayari pagkatapos ng pagbabakuna ng COVID-19 ay bihira.

Nalaman ng FDA na ang mga benepisyo ng bakunang ito ay marami pa rin kaysa sa mga panganib ng hindi nabakunahan. Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC), American Heart, at ng American Academy of Pediatrics pati rin ang Association na magpapabakuna ang sinumang nasa edad na 12 at pataas. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Mga Bagay na Dapat Malaman Tungkol sa Mga Bakuna para sa COVID-19 \(Things to Know About COVID-19 Vaccines \(CDC\)\)](#).

## Dapat kang magpatingin kaagad sa doktor kung mayroon ka ng alinman sa mga sintomas na inilarawan sa ibaba pagkatapos ng pagpapabakuna:

Nagkaroon ng bihira ngunit malubhang uri ng pamumuo ng dugo, [Thrombosis with Thrombocytopenia Syndrome \(TTS\)](#), sa kaunting bilang ng mga taong nakatanggap ng bakuna ng J&J. Walang nakitang nadagdagang panganib ng TTS sa mga bakuna ng Pfizer o Moderna. Kasama sa mga sintomas ang kapos na paghinga; pananakit ng dibdib; pamamaga ng binti; patuloy na pananakit ng tiyan, matitinding sakit ng ulo, o malabong paningin; madaling magkaroon ng pasa o maliliit na pamumuo ng dugo sa ilalim ng balat na lampas sa bahagi kung saan ininiksiyunan.

Nagkaroon din ng mga bihirang pangyayari ng [Guillain-Barré Syndrome \(GBS\)](#) sa kaunting bilang ng mga taong nakatanggap ng bakuna ng J&J. Ang GBS ay isang bihirang sakit sa nervous system na maaaring magdulot ng panghihina sa kalamnan, o sa pinakamalubhang mga kaso, pagkaparalisa. Kadalasan ay nagsisimula ang mga sintomas sa loob ng 1-2 linggo pagkatapos ng pagpapabakuna ngunit maaari ring lumabas nang mas matagal pa doon. Ang mga sintomas ay maaaring kabilangan ng panghihina o panggingimay, lalo na sa mga binti o mga braso, na maaaring lumubha at kumalat sa iba pang mga bahagi ng katawan.

Sa mahigit 150 milyong tao na ganap nang nabakunahan ng bakunang mRNA (Pfizer o Moderna) simula sa huling bahagi ng Hulyo, kinumpirma ng CDC ang halos 70 kaso ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan sa puso) at pericarditis (pamamaga ng sac sa paligid ng puso). Ang mga kasong ito ay karamihan sa mga lalaking teenager at kabataan, na nasa edad na 16 at pataas, sa loob ng ilang araw matapos mabakunahan ng pangalawang dosis ng bakuna. Kasama sa mga sintomas ang pananakit ng dibdib, kapos na paghinga; o pakiramdam na mabilis na pagtibok, pumipintig o malakas na pagtibok ng puso. Karamihan ng mga taong nakatanggap ng pangangalaga ay maganda ang pagtugon sa paggamot at nagpahinga, at mabilis na bumuti ang pakiramdam.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Myocarditis at Pericarditis Pagkatapos ng Pagbabakuna ng mRNA COVID-19 \(Myocarditis and Pericarditis Following mRNA COVID-19 Vaccination \(CDC\)\)](#).

# Ang Mga Bakuna para sa COVID-19 ay Ligtas at Mabisa

Malinaw ang Siyensiya: Ang Mga Benepisyo ng Pagpapabakuna ay Mas Marami Kaysa sa Mga Panganib



## Ligtas ba ang mga bakuna para sa COVID-19 para sa mga taong buntis at/o nagpapasuso?

Oo! Makakatulong ang bakuna para sa COVID-19 na magbigay ng proteksyon laban sa malubhang sakit para sa mga taong buntis at/o nagpapasuso, sinusubukang magbuntis, o posibleng magbuntis sa hinaharap. Dahil sa mga pagbabago sa katawan mula sa pagbubuntis, ang buntis at kamakailang nagbuntis na mga tao ay mas malamang na magkaroon ng malubhang sakit sa COVID-19 kumpara sa mga hindi buntis na tao.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Mga Bakuna para sa COVID-19 Habang Buntis o Nagpapasuso \(COVID-19 Vaccines While Pregnant o Breastfeeding \(CDC\)\)](#).

## Sino ang nangangailangan ng karagdagang dosis ng bakuna para sa COVID-19?

Inirerekomenda ng CDC na magkaroon ng karagdagang (pangatlong) dosis ng bakunang mRNA ang mga taong humina ang resistensiya nang katamtaman o nang malubha. Kasama rito ang mga taong:

- Aktibong ginagamot para sa kanser para sa mga bukol o mga kanser sa dugo
- Nakatanggap ng organ transplant at umiinom ng gamot para mapahina ang resistensiya (immune system)
- Nakatanggap ng stem cell transplant sa loob ng nakalipas na 2 taon o umiinom ng gamot para mapahina ang resistensiya (immune system)
- Katamtaman o malubhang primary immunodeficiency (tulad ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- Advanced o hindi ginamot na impeksiyon ng HIV
- Aktibong paggamot gamit ang mataas na dosis ng mga corticosteroid o iba pang gamot na posibleng magpahina ng pagtugon ng iyong resistensiya

Dapat makipag-usap ang mga tao sa nagbibigay (provider) ng kanilang pangangalagang pangkalusugan kung naaangkop ba para sa kanilang makakuha ng karagdagang dosis. Ang mga nakatanggap ng dalawang dosis ng Pfizer o Moderna lamang ang karapat-dapat na makatanggap ng pangatlong dosis. Sa ngayon, hindi pinahintulutan ang mga karagdagang dosis para sa bakuna ng J&J.

## Sino ang karapat-dapat makakuha ng COVID-19 booster?

Ayon sa CDC, ang mga sumusunod na grupo ng mga tao na nakatanggap ng dalawang dosis ng bakuna ng Pfizer sa loob ng hindi bababa sa 6 na buwan ang nakalipas ay **dapat** makatanggap ng booster shot:

Mga taong nasa edad na 65 taong gulang at mas matanda pa;

- Mga residenteng nakatira sa mga setting para sa pangmatagalang pangangalaga anuman ang edad;
- Mga taong nasa edad na 50-64 na may mga umiiral na medikal na kondisyon

Ang iba pang mga grupo na **posibleng** makatanggap ng booster shot batay sa mga indibiduwal na panganib at mga benepisyo ay:

- Mga taong nasa edad na 18-49 na may mga umiiral na medikal na kondisyon
- Mga taong may edad na 18-64 na mataas ang panganib na magkaroon ng COVID-19 dahil sa lugar na kanilang tinitirhan o pinagtatrabahuhan

Makipag-usap sa nagbibigay (provider) ng iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi ka sigurado kung kailangan mo ng booster shot. Hindi mo kailangan ng tala o “pagpapatunay (attestation)” mula sa nagbibigay ng iyong pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay kabilang sa isa sa mga grupong nakalista sa itaas

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung sino ang maaaring makatanggap ng booster, pakitingnan ang [Sino ang Karapat-dapat Makakuha ng COVID-19 Booster \(Who Is Eligible for a COVID-19 Booster\)? \(CDC\)](#)

## Maaari bang makatanggap ng booster ang mga taong nakatanggap ng bakuna ng Moderna o J & J para sa COVID-19?

**Hindi** pinahintulutan ng FDA ang mga booster shot para sa mga nakatanggap ng alinman sa mga bakuna ng Moderna o J&J ngunit susuriin nila ang data sa mga susunod na ilang buwan.

## Saano ako maaaring makakuha ng bakuna para sa COVID-19?

Maraming lugar para makakuha ng libreng bakuna para sa COVID-19. Wala sa mga Klinika para sa Pagpapabakuna ng Komunidad ng Alameda County ang nangangailangan ng I.D., insurance, o appointment.

Para sa kumpletong listahan ng mga lugar para makakuha ng bakuna na malapit sa iyo, tingnan ang [Availability ng Bakuna sa Alameda County \(Alameda County Vaccine Availability\)](#) o pumunta sa <https://linktr.ee/AlamedaCountyOHE>.

Para makakuha ng tulong sa pag-schedule ng appointment para sa libreng bakuna, tumawag sa 510-208-4VAX (510-208-4829).



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY  
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

Colleen Chawla – Agency Director

Kimi Watkins-Tartt – Director

Nicholas Moss, MD – Health Officer

### Contact

Public Health Department:  
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:  
(510) 268-2101

[www.acphd.org](http://www.acphd.org)